ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 23
Disyembre 7, 2020
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Bagtasin ang landas ng malaking pagsulong

Sa buong taong 2020, halos walang patid ang dinanas ng sambayanang Pilipino sa sunud-sunod na hagupit at pagpapahirap bunga ng militarista at anti-mamamayang tugon ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19 at sa sunud-sunod na kalamidad. Tinalikdan ng bulok na rehimen ang obligasyon nitong tugunan ang pangangailangang pangkalusugan at pangkabuhayan ng mamamayan. Ipinataw nito ang mga hakbanging mapanupil at nagpalubha sa paghihirap at kagutuman.

Sa pangambang magkaroon ng malaking pagbangon ng bayan sa harap ng krisis tulad ng nagaganap sa ibang bansa, ginagamit ni Rodrigo Duterte ang panlilinlang at paninindak, sa isang panig; at dahas at armadong panunupil sa kabilang panig. Nitong nagdaang mga buwan, ibayong pinatindi ang pagsupil sa masmidya at kampanyang *red-tagging* at pagsisiwalat ng disimpormasyon, kasinungalingan at mga basurang pahayag.

Kasabay nito, ginamit ni Duterte ang pinakamatagal na "lockdown" at paghihigpit sa pagkilos ng mga tao, at sarbeylans, pagkukulong at sunud-sunod na mga pagpatay sa mga tukoy na pwersang rebolusyonaryo, lider masa at mga aktibista. Pinakamalala, isinagasa niya ang bagong batas sa terorismo na nagpapataw ng pasistang diktadura nang hindi nagdedeklara ng batas militar.

Pinakalayunin sa paggamit ng mga taktikang ito ng saywar at panunupil ang yanigin ang mga pambansa-demokratikong pwersa at mga organisasyong masa, at abalahin sila sa pagtatanggol sa kanilang karapatan, kaligtasan at buhay. Pakay nito ang pigilan silang makapagsalita para ilabas ang hinaing ng bayan, pilayin ang demokratikong kilusang masa at pigilang lumawak ang mga demonstrasyon sa lansangan.

Nilalabusaw ni Duterte ang isip ng taumbayan para ikalat ang kanilang atensyon sa samutsaring usapin upang ilayo ang kanilang kamalayan sa mga pangunahin at kagyat nilang problemang bunsod ng korapsyon, pagpapabaya sa masa at pagprayoridad sa interes ng iilan.

Nitong nagdaang mga buwan, napigilang sumiklab sa anyo ng malalawak na protesta ang malalim na galit ng taumbayan sa mga kasalanan, krimen at pagpapabaya ng rehimeng Duterte sa obligasyon nito sa taumbayan sa harap ng pandemya. Kabilang sa mga ito ang pagkakaltas ng badyet sa serbisyong pangkalusugan at tugon sa kalamidad, kawa-

lan ng libre at mapagkakatiwalaang *testing* sa Covid-19, kulang na ayuda sa mga nawalan ng trabaho at kita sa kalunsuran at sa mga magsasaka sa kanayunan, mababang sahod sa mga nars at di pag-empleyo ng dagdag na nars sa mga pampublikong ospital, pagprayoridad ng pagbili ng helikopter, *fighter jet*, pribadong *jet* ni Duterte at kanyang mga heneral, bomba at iba pang kagamitang pandigma, pagpahintulot na bawasan ang sahod ng mga manggagawa, sa korapsyon sa pagbili ng mga *personal protective equipment* at kagamitang medikal, korapsyon sa PhilHealth, pagbibigay ng pamumuno sa pagharap sa pandemya sa mga heneral sa halip na sa mga duktor, sobra-sobrang pangungutang para sa negosyong imprastruktura ng iilang oligarko, planong pagpataw ng dagdag na buwis at kabi-kabila pang mga hakbangin pabigat at pahirap sa taumbayan.

Batay sa nilalaman ng anti-mamamayan at anti-mahirap na badyet sa 2021 na nakatakdang ipasa sa reaksyunaryong kongreso, lalala pa ang pasakit na dinaranas ng taumbayan. Magpapatuloy ang pagprayoridad sa militar at sa maruming gera laban sa bayan, sa negosyo ng mga oligarko, sa korapsyon at pagpabor sa mga alipures at mga tapat na pulitiko, sa paghahanda sa eleksyong 2022; habang patuloy na pinababayaan ang kabuhayan, pampublikong kalusugan at edukasyon.

Kailangang iluwal ng mamamayang Pilipino ang malawak at maigting na kilusang protesta sa mga darating na buwan laban sa mga patakarang pahirap at pabigat. Ang pagpuprotesta ang susi para pigilang maipatupad ang bagong mga buwis at iba pang mga patakaran at hakbanging lalong magsasadsad sa kabuhayan ng masa.

Dapat ibayong palakasin ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang gawain sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, manggagawang pangkalusugan, mga walang hanapbuhay, propesyunal at iba pang sektor na hinahagupit ng krisis sa ekonomya at kabuhayan.

Habang sinasalag ang pasistang pang-aatake ng rehimeng Duterte, dapat mahigpit na panghawakan ang maiinit na isyu ng taumbayan. Sikaping buuin ang pagkakaisa ng buong bayan sa isang malinaw at simpleng tangkas ng mga kagyat na kahilingan sa harap ng pandemya, kalamidad at krisis sa ekonomya. Ilantad ang anti-mamamayan at anti-mahirap na rehimeng US-Duterte at ang nagnanaknak na kabulukan ng naghaharing sistema.

Dapat puspusang magpropaganda gamit ang mga pormang direktang umaabot sa masa habang nagpapakahusay sa pagkontra sa disimpormasyon sa masmidya at *social media*. Dapat ilang ulit na palawakin at palakasin ang mga organisasyong masa upang bigyang lakas ang masa na ihayag ang kanilang mga hinaing at kahilingan.

Dapat pag-aralan, tasahin, lagumin at pangibabawan ang naging mga kalakasan at kahinaan sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa daan-daang libo o milyun-milyong mamamayan sa gitna ng pandemya at kalamidad at sa harap ng walang-habas na pasistang panunupil at brutalidad ng tiranikong rehimen.

Sa batayan ng pagtatasa sa mga gawain sa nagdaang taon at pagtaya sa kasalukuyang lakas, dapat ilatag ang mga tungkulin at planuhin ang susunod na mga hakbang sa papasok na taon. Dapat magsilbi ang mga ito sa pagkamit ng layuning pagbuklurin ang malawak na sambayanan at iluwal ang malawakang pagdaluyong ng protesta at mga pakikibaka para isulong ang interes ng masa.

Dapat patatagin ang pagkakaisa at determinasyon ng lahat ng pwersang pambansa-demokratiko na balikatin ang mahihirap na tungkulin sa kabila ng banta ng paniniil at mga paghihigpit sa tabing ng pandemya.

Sa loob ng ilang linggo, gugunitain ng Partido ang ika-52 anibersaryo nito. Kinasasabikan ng malawak na masa at ng kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang okasyong ito upang ipagdiwang ang mga nakamit sa nagdaang taon, tayain ang kanilang lakas, at ilatag ang mga tungkulin para maabot ang ibayo pang mga rebolusyonaryong tagumpay sa 2021. AB


ANG Bayan

Tomo LI Blg. 23 | Disyembre 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


# Nilalaman


**Editoryal:** Bagtasin ang landas ng malaking pagsulong 1
Pagtaas ng mga presyo 3
2020: Patung-patong na mga sakuna 4
Mga protestang bayan 5
Panagutin si Duterte! 5
Berdugong sundalo at pulis, inambus 5
Atake laban sa mga konsultant ng NDF 6
Bangkay ng mandirigma, ginawang tropeyo 6
Ina, inakusahang myembro ng BHB 7
Walang matinong plano para sa bakuna 7
Sa madaling salita 8
Pag-alpas ng Cuba sa pandemya 9
250 milyon nagprotesta sa India 10
Protesta sa Guatemala kontra neoliberalismo 10
Protesta sa France laban sa pasismo 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mahina ang benta pero tumataas ang mga presyo

Noong Hunyo, sinabi ng Bangko Sentral ng Pilipinas na mapapanatili ng bansa na mababa ang pangkalahatang tantos ng implasyon dahil mababa ang *demand* (o dami ng mga gustong bumili) para sa mga produkto sa ilalim ng pandemya. Taliwas dito, tatlong beses nang sumirit ang implasyon ngayong taon (Hulyo, Oktubre at Nobyembre). Sa pinakahuling datos, umabot na sa 3.3% ang tantos ng implasyon. Pinakamalaki ang itinaas ng mga presyo ng produktong pagkain.

Sa aktwal, bumaba ang antas ng gastos (o konsumo) ng mga pamilyang Pilipino sa unang pagkakataon sa nakaraang dalawang dekada. Bumaba nang 13% sa ikalawang kwarto at 7% sa pangatlong kwarto ng taon ang pangkalahatang gastos ng mga Pilipino kumpara sa parehong panahon noong 2019. Ang pagbaba ng *demand* ay bunga pangunahin ng pagsadsad at di pa nababawing kita mula ipinatupad ang matagalang *lockdown*.

Mula Marso hanggang Oktubre ngayong taon (dalawang kwarto), dumausdos ang gastos sa edukasyon at personal na mga produkto at serbisyo na pinupunan kalakhan ng impormal na ekonomya. Malalaki rin ang ibinaba ng gastos sa alak at sigarilyo, damit, gamit sa bahay, paglilibang at pagkain sa labas ng bahay (restoran at *hotel*). Pinakamalalaki ang bawas sa gastos sa transportasyon (dumausdos nang 62% noong ikalawang kwarto at 21% sa pangatlo). Sa gitna ng pandemya, bumagsak pa ang ginastos ng mga pamilya para sa kalusugan (-9%) sa kabila ng pangangailangan sa sanitasyon, *testing* at pagpapalakas ng resistensya.

Nasa abereyds na 6% ang itinaas ng gastos sa pagkain sa loob ng bahay, pareho lamang sa pagtaas sa nakaraang mga taon, sa kabila ng mga pagkaputol ng suplay, mga bugso na pagtaas ng presyo at pagbawas sa konsumo ng pagkain sa labas ng bahay (restoran at *take out*).

Bahagya lamang ang itinaas ng gastos sa komunikasyon (1%) sa kabila ng pagpapatupad ng mga *online class* at mga kaayusang *work-from-home*. Mas malaki pa ang itinaas ng gastos dito ng mga Pilipino sa parehong panahon noong 2018-2019 (3.3%).

Tumaas pa rin ang gastos para sa upa sa bahay at bayarin sa mga pampublikong yutilidad (kuryente, tubig at iba pa) nang 7% sa kabila ng mga pangako ng mga pribadong kumpanya na di muna sisingil.

Sa kabilang banda, bumaba ang konsumo ng Pilipinas ng inangkat na bigas nang hanggang 13.3% kumpara sa 2019, ayon sa isang ulat ng ahensyang agrikultural sa US (Global Agricultural Information Network). Ito ay kahit pinahintulutan ng gubyerno ang importasyon ng hanggang 3.73 milyong metriko-toneladang (MT) bigas mula Enero hanggang Agosto (mas malaki nang 43% kumpara sa parehong panahon noong 2019.) Nasa 1.64 milyong MT lamang ang aktwal na dumating sa bansa dulot ng paghihigpit ng mga nagluluwas ng bigas sa panahon ng pandemya.

Bumaba rin ang konsumo ng Pilipinas ng karneng baka nang 21%. Batay sa naging padron sa nakaraang mga buwan, tinatayang bumaba rin nang 20% ang produksyon ng karneng baboy (dulot na rin ng African Swine Fever) at 15% sa produksyon ng manok. Bumaba rin ang konsumo ng gatas na 99% inaangkat ng bansa.

Ayon sa sarbey na isinagawa ng BSP noong Setyembre, kulang na kulang pa rin ang kita ng mga pamilya sa kabila ng pagbubukas sa ekonomya noong Hulyo. Said na ang mga impok ng kalakhan ng mamamayan. Ayon sa institusyon, mas bumaba pa ang bilang ng mga pamilyang may kakayahang mag-impok, mula 37.8% noong Enero-Marso, tungong 24.7% sa pangatlong kwarto ng taon.

Ayon sa mga estadistika mismo ng estado, permanente ang pagtaas ng mga presyo ng pagkain laluna matapos ipatupad ang batas na TRAIN noong 2018.

Mula 2016 hanggang 2019, tumaas ang presyo ng mga gulay tulad ng ampalaya, talong, kalabasa, kamatis, karot, sitaw at patatas.

Nagtaasan din ang presyo ng isda tulad ng bangus, galunggong (₱34) at tilapia (₱10).

Taliwas sa ipinangalandankan na pagbaba ng presyo ng bigas dulot ng Rice Importation Liberalization Law, bahagya pang tumaas ang abereyds na presyo ng bigas mula ₱41.72 kada kilo noong 2016 tungong ₱42.73 sa 2019. Nasa ₱45/kilo ito sa 2020 sa kabila ng todong importasyon mula sa Vietnam at Thailand at tuluy-tuloy na pagsadsad ng presyo ng lokal na palay hanggang ₱7-₱12 kada kilo. AB



# 2020: Patung-patong na sakuna

Ilang taon bago pa man pumasok ang 2020, kabilang na ang Pilipinas sa mga nangunguna sa iba't ibang listahan ng mga bansang bulnerable sa mga epekto ng *climate change*. Dati nang kinakaharap ng bansa ang panganib ng mga natural na sakuna dahil sa lokasyon nito. Pero higit na nagiging malubha ang pinsala ng mga ito sa mamamayan dahil sa mala-delubyong mga pagpapahirap ng mga naghahari sa bansa.

Karaniwang pumapasok sa teritoryo ng Pilipinas ang 19-20 bagyo bawat taon, kung saan anim hanggang siyam ang tumatama sa kalupaan. Ito'y dahil nakaharap ang bansa sa Pacific Ocean kung saan nabubuo ang 60% ng mga bagyo.

Pero dahil sa pagbabago sa klima, limang beses nang mas madalas ang natural na mga kalamidad na tumatama sa bansa ngayon kumpara noong 1980, at mas malalakas na rin ang mga ito. Kabilang sa pinakamalalakas na bagyong humambalos sa bansa nitong nagdaang dekada ay ang Sendong (2011), Pablo (2012), Yolanda (2013), Glenda (2014) at Ompong (2018). Mahigit ₱216 bilyon ang pinagsamang halaga ng pinsala ng mga ito, at aabot sa 13,000 ang namatay.

Nito lamang Oktubre hanggang Nobyembre, apat na malalakas na bagyo ang sunud-sunod na tumama sa bansa, kumitil sa di bababa sa 115 buhay at sa konserbatibong pagtaya ay nag-iwan ng mahigit ₱45 bilyong pinsala. Kabilang dito ang bagyong Rolly, na siyang pinakamalakas na bagyo sa buong mundo ngayong taon. Kaakibat din ng nagdaang mga bagyo ang matitinding pagbaha na huling naranasan noong 2009.

**Umiinit ang mundo**

Inianunsyo nitong huling kwarto ng taon ang pagpasok ng penomena ng La Niña matapos ang halos isang dekada. Dahil sa hindi pangkaraniwang paglamig ng Pacific Ocean, inaasahang dadami, dadalas at lalakas ang mabubuong mga bagyo. Mas malaki rin ang bolyum ng tubig na dala ng pag-ulan na tiyak na magdudulot ng mga *flashflood*, *landslide*, at pag-apaw ng mga dam at ilog.

Ang mas madalas na pamumuo ng La Nina na dahilan ng mababagsik na bagyo ay isa sa mga ibinubunga ng pagbabago sa klima na dulot ng deka-dekada nang pagsira ng kapitalismo sa kapaligiran.

Itinuturong dahilan sa mabilis na pagbabago ng klima ng daigdig ang pagpapakawala ng mga *greenhouse gas*. Ang mga gas na ito (pangunahin ang *carbon dioxide*) ay natatambak sa atmospera at nagkukulong sa init ng mundo, kaya't tumataas ang temperatura ng daigdig na sanhi ng pagkasira ng dating balanse ng klima.

Kabilang ang 2020 sa tatlong pinakamainit na taon sa kasaysayan. Kung hindi ibababa nang 6% ang produksyon na langis, gas at karbon bawat taon, maaari itong magdulot ng matinding kapahamakan. Ang mga nabanggit na industriya ang pinakamalalaking nagaambag sa pagpapainit ng temperatura ng mundo. Nangunguna dito ang mga bansang sentro ng kapitalismo—ang China, US, at EU.

Sa Pilipinas, nangungunang nagpapakawala ng mga gas na ito ang mga planta ng kuryente na pinatatakbo ng karbon. Nito lamang Oktubre, 22 pang bagong planta ang pinayagang itayo bilang dagdag sa kasalukuyang nag-oopereyt na 28. Isa ring dahilan ng pagpapakawala ng *greenhouse gas* ang malawakang pagkakalbo at pagmimina ng mga kagubatan.

**Pandemya, epidemya at iba pang mga sakuna**

Samantala, ang Covid-19 na unang naitala sa bansa noong Marso ay umabot na sa mahigit 400 libo ang nahawa. Mahigit 8,500 na ang namatay sa mga nagkasakit.

Pagbungad pa lamang ng taon ay sumabog ang bulkang Taal sa Batangas na agad nagpa-bakwit sa mahigit 168,000 residente. Nagdulot din ng mahigit ₱4.3 bilyong pinsala ang naturang kalamidad.

Dumami at dumalas din ang mga paglindol. Mula sa abereyds na 2.2 bawat araw noong 2011, dumami ang mga ito tungong abereyds na 35 bawat araw ngayong taon. Kung noong 2011 ay limang lindol lang ang may lakas na *magnitude* 6 pataas, ngayon ay umaabot na ito sa walo.

Dahil sa mga pagbaha, dumami ang mga kaso ng nagkakasakit ng *leptospirosis*. Sa loob lang ng tatlong linggo mula Nobyembre 12, umabot ng 89 ang kaso ng sakit sa isang ospital pa lamang. Mahigit kalahati ito ng naitala mula Enero na 163.

Noong Pebrero, kumalat ang pandemyang African Swine Fever sa mga baboy at patuloy pa ring kumakalat sa iba't ibang prubinsya. Mahigit limang libo na ang naitalang kaso ng sakit sa mga baboy. AB



### NTF-ELCAC, buwagin!

Nagprotesta ang 100 aktibista sa Quezon City noong Disyembre 4 para **ipanawagan ang pagbubuwag ng NTF-ELCAC at pagbibigay ng pondo nito sa mamamayan**. Hindi lamang ginagamit ang pondo nito para sa r*ed-tagging*, ginagawa rin itong palabigasan ng mga heneral at anti-komunistang propagandista ng rehimen. Sa halip, gamitin na lamang ang pondo para sa ayuda, pambili ng bakuna o di kaya'y subsidyo sa mga estudyanteng hirap na hirap sa *online* at *blended learning*.

### CBA ng mga manggagawa ng Nexperia, tagumpay

Matagumpay na naigiit ng mga manggagawa ng Nexperia ang makabuluhang CBA laban sa kumpanya. Kabilang sa benepisyong kanilang napagtagumpayan ay ang pagbibigay ng kompensasyon o *retroactive pay* ng Nexperia para sa **anim na buwan na walang operasyon dahil sa *lockdown* at dagdag na sahod kada taon simula 2021**.

Susi sa kanilang tagumpay ang serye ng mga pagkilos ng mga manggagawa, kabilang na dito ang *silent protest* na isinagawa noong Nobyembre 24 para igiit ang kabuhayan at kalusugan sa gitna ng pandemya.

### Misa ng pasasalamat at pagkakaisa, idinaos

Nagsagawa ng misa ng pasasalamat at pagkakaisa ang mga residente ng Barangay IVC, Marikina noong Disyembre 5 bilang pagkilala sa mga organisasyong tumulong sa kanila sa panahon ng kalamidad at **upang ipahayag ang pagtutol sa mga proyektong kontra-kalikasan**.

Bago nito, nagkaroon din ng pagkilos para sa agad na ayuda ang mga residenteng apektado ng bagyong Rolly sa Freedom Park, Marikina noong Nobyembre 21 at 25. Tinatayang aabot sa ₱30 bilyon ang mga nawasak na ari-arian at kabuhayan sa syudad pa lamang.

Ika-157 Araw ni Bonifacio:

# Panagutin si Duterte, ipaglaban ang kabuhayan!

Sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno, nagprotesta ang mahigit 6,000 katao sa University of the Philippines, Diliman, Quezon City noong Nobyembre 30. Sigaw nila ang panawagan para sa kaligtasan, trabaho at karapatan.

Tinutulan nila ang nagpapatuloy na *red-tagging* ng rehimen at pagpapatupad ng Anti-Terror Law na ginagamit para supilin ang mga kritiko nito. Anila, ginamit ng mga upisyal-militar ang pagdinig sa Senado noong Nobyembre 24 para magkalat ng disimpormasyon at kasinungalingan kaugnay sa mga lehitimong demokratikong organisasyon at kongresista.

Kasabay ng araw ng kapanganakan ni Andres Bonifacio, ginunita rin ng mga kabataang aktibista ang ika-22 anibersaryo ng Anakbayan. Nangako silang ipagpapatuloy ang laban ni Bonifacio para sa pambansang demokrasya at kalayaan.

Sa Baguio City, nagtipon ang mga aktibista sa Malcolm Square. Tinutulan nila ang paggawad ng lokal na gubyerno ng karapatan sa SM Prime Holdings para isaayos ang Baguio City Market. Anila, ibinasura ng syudad ang rekomendasyon ng mga manininda laban dito. Mariin din nilang tinutulan ang *red-tagging* ng rehimen sa mga aktibista sa rehiyon.

Kasabay nito nagkaroon din ng programa sa mga bayan ng Sta. Rosa, Cabuyao at Calamba sa Laguna at Plaza Miranda, Angeles City sa Pampanga. Sa Panay, nagprotesta rin ang Kadamay sa Jaro, Iloilo habang may programa rin sa Kalibo, Aklan at Roxas City, Capiz. May pagkilos din ang Bayan-Negros sa Bacolod City. Nagkaroon ng girian sa Mandaue City, Cebu at Balanga, Bataan matapos salakayin ng mga pulis ang mga raliyista. Sa Davao, nagkaroon ng pagkilos sa Bankerohan Public Market at Freedom Park, Roxas Avenue sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao.

Ginunita rin sa araw na ito ang ika-56 anibersaryo ng Kabataang Makabayan. AB

### Berdugong sundalo at pulis sa NEMR, inambus

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Agusan del Norte ang nag-ooperasyong yunit ng 29th IB sa bulubunduking bahagi ng Barangay Bangonay, Jabonga, Agusan del Norte. Napaslang sa labanan si Master Sergeant Aberto samantalang namatay sa ospital ang isa pang upisyal.

Nagsasagawa ng nakapokus na operasyong militar ang 29th IB sa naturang barangay simula pa Nobyembre 12. Inireklamo ng mga residente ang pananakot at panggugulo ng mga sundalo sa lugar.

Inambus ng isang yunit ng BHB-Surigao del Norte ang nagpapatrulyang sasakyan ng Philippine National Police (PNP)-Sison sa Barangay Mayag, Sison. Sugatan ang isang pulis. Responsable ang PNP-Sison sa pagpaslang sa negosyante at ama ng isang Pulang mandirigma na si Josefino "Lalo" Calang noong Nobyembre 26.

# Mga atake ng GRP sa mga konsultant ng NDF, walang awat

Mariing kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang walang awat na paninibasib ng rehimeng US-Duterte sa maruming gera nito laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Pilipino. Noong huling bahagi ng Nobyembre sunud-sunod nitong inatake ang limang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa usapang pangkapayapaan. Labag ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na naggarantiya sa kanilang seguridad.

Noong Nobyembre 25, bandang alas-3 ng madaling araw, sinalakay ng mga pulis ang tinitirhang bahay sa Angono, Rizal ng mag-asawang Eugenia Magpantay at Agaton Topacio at pinatay sila nang walang kalaban-laban. Parehong 69 taong gulang na ang mag-asawa, may mga sakit tulad ng *diabetes* at rayuma at pinakamalamang na tulog sa oras ng pamamaslang. Sila'y dating mga upisyal ng Partido na nagretiro kamakailan dahil sa mga sakit.

Sadyang galit na galit ang mga berdugo sa mag-asawa kaya't hindi sila binigyan ng pagkakataong mabuhay pa. Gayunman, hindi sila malilimutan ng mga inaapi at pinagsasamantalahang masa, laluna sa Gitnang Luzon, dahil sa mahigit apat na dekadang paglilingkod nila sa rebolusyon. Dating kasapi ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral si Magpantay at isa sa mga nangungunang kadre ng Partido na naghanda at nagtipon ng mga delegado para sa Ikalawang Kongreso ng PKP noong 2016. Si Topacio naman ay dating kasapi ng National Operational Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), at dating kalihim ng Central Luzon Regional Party Committee.

Mariin ding kinundena ng PKP ang hindi makatarungang paghatol ng korte ng Quezon City noong Nobyembre 27 ng habambuhay na pagkabilanggo kina Benito Tiamzon at Wilma Austria. Batay ito sa gawa-gawang mga kasong *kidnapping* at iligal na detensyon na isinampa laban sa kanila. Kaugnay ito ng pag-aresto ng BHB-Southern Tagalog kina Lt. Abraham Casis (ngayon ay retiradong heneral na) at limang iba pang sundalo bilang mga *prisoner-of-war* (POW) noon pang 1988. Ang pagdisarma at pagkabimbin ng mga tauhan ng militar bilang mga POW o mga bihag ng digma ng BHB ay lehitimo at makataong hakbang sa pakikidigma.

Samantala, inaresto ang dating konsultant ng NDFP na si Alfredo Mapano habang nagtatrabaho sa Phividec noon ding Nobyembre 27 sa Tagoloan, Misamis Oriental. Mahigit pitong taong nakakulong si Mapano at napalaya lamang noong 2016 upang sumali sa usapang pangkapayapaan sa Norway. Namahinga na rin si Mapano mula nang ibinagsak ng rehimeng Duterte ang usapang pangkapayapaan at nagtrabaho sa naturang kumpanya. Ikinababahala ng Philippine Ecumenical Peace Platform ang patraydor na pag-aresto kay Mapano na pumaloob na sa programa ng pagsurender at "rekonsilyasyon" ng reaksyunaryong estado. AB

## Bangkay ng mandirigma, ginawang tropeyo

NILAPASTANGAN NG ARMED Forces of the Philippines (AFP) ang bangkay ni Jevilyn Cullamat, mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na napaslang sa isang engkwentro sa Marihatag, Surigao del Sur noong Nobyembre 28. Ipinakalat ng mga sundalo ng 3rd Special Forces Battalion ang isang larawan sa midya at *social media* kung saan nakabulagta ang kanyang bangkay na animo'y tropeyo ng nagpalitratong mga sundalo sa likod nito.

Si Cullamat ay bunsong anak ni Bayan Muna Rep. Eufemia Cullamat. "Mahal ko ang anak ko na nagmahal sa bayan. Ipinagmamalaki ko siya. Bayani siya ng mga Lumad at ng buong bayan," anang kanyang ina.

Labag sa internasyunal na makataong batas ang paglapastangan sa bangkay at pambabastos sa pamilya ng napaslang. Ginagamit din ito para sa malisyosong *red-tagging* sa Bayan Muna at pagpupumilit ng NTF-ELCAC na itakwil nito ang komunismo at armadong pakikibaka. Tinanggihan ito ng Bayan Muna at sa halip ay ipinanawagan na resolbahin ang mga ugat ng armadong tunggalian.

Hindi na bago ang ganitong gawain ng AFP. Noong Mayo 13, ibinalandra ng 23rd IB sa gitna ng mataong komunidad sa Gingoog City ang mga katawan ng 10 Pulang mandirigma na napaslang sa pambobomba nito. Pinapila ng mga sundalo ang mga residente at pinatingnan sa kanila ang lasug-lasog nang mga bangkay.

Sa Davao del Sur noong Abril 2018 pinaslang ng militar si Jhun Marck Acto, 15 anyos, at isa pang 16-anyos sa Barangay Manila de Bugabos, Butuan City noong Nobyembre 2019, kinuhanan ng litrato at pinalabas na mga kasapi ng BHB.

Punung-puno ng ganitong mga paglapastangan sa mga bangkay ng mga sibilyan at mandirigmang pinatay ng mga sundalo ang mga *website* at akawnt sa *social media* ng AFP. AB

# Bagong panganak na aktibista, 4 na iba pa, inaresto at inakusahang kasapi ng BHB

Dinakip ang aktibistang si Amanda Lacaba Echanis at kanyang isang buwang sanggol sa tinutuluyang bahay sa Barangay Carupian, Baggao, Cagayan noong Disyembre 2. Si Echanis ay kasapi ng Amihan at nag-oorganisa ng mga kababaihang magsasaka.

Kasalukuyang nakadetine si Echanis sa Camp Adduro, Tuguegarao batay sa gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives*. Anak siya ng pinaslang na konsultant ng National Democratic Front of the Philippines na si Randall Echanis.

Ayon sa Karapatan, may mga binayaran ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) para maging "saksi" laban kay Echanis. Sa parehong barangay, kasabay na hinalughog ang bahay ni Isabelo Adviento, tagapangulo ng Danggayan-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Inaresto din ng pulisya batay sa gawa-gawang kasong rebelyon ang organisador ng unyon sa transportasyon na si Jose Bernardino sa Sapang Maisac, Mexico, Pampanga noong Disyembre 4.

Kasabay nito, inaresto batay sa kasong *illegal possession of firearms and explosives* si Marilou Tan sa San Roque, Tinambac, Camarines Sur. Parehong madaling araw isinagawa ang mga operasyon.

Sa Albay, inaresto ang 72-taong gulang na magsasakang si Ronaldo Ogama sa kanyang bahay sa Barangay Batbat, Guinobatan noong Nobyembre 17. Inakusahan siyang kasapi ng BHB.

Sa Kitaotao, Bukidnon, inaresto at tinortyur ng 16th IB ang 17-anyos na magsasakang si Ruben Dano noong Nobyembre 19 sa Barangay Balangigay. Matapos nito, tinortyur ng 16th IB ang anim na minoryang magsasaka at matandang si Carlito Sordilla.

Sa Surigao del Norte, inaresto ng 29th IB si Datu Danilo Kalinawan sa Barangay Cawilan, Tubod noong Disyembre 2 ng madaling araw. Hindi pa siya natatagpuan ng pamilya hanggang ngayon.

Apat na babaeng residente ng Maysapang, Barangay Ususan, Taguig City ang inaresto matapos pigilan ang panghahalughog ng armadong mga maton ng R-II Builders sa lugar. Matagal nang may banta ang kumpanya na idemolis ang naturang komunidad.

**Masaker sa South Cotabato.** Dalawang Pulang mandirigma na wala sa katayuang lumaban ang pinatay ng 5th SFB at PNP sa Sityo Kibang, Barangay Ned, Lake Sebu, noong Disyembre 2, alas-4:30 ng umaga.

Kinilala ang mga biktima na sina Romeo Libron (Ka Melvin), 60, at Ka Sarge. Pinatay din ng mga pasista ang tatlong sibilyan na bumisita nang araw na iyon, kabilang ang asawa ni Ka Melvin.

**Pagpaslang.** Binaril at napatay ang purok lider na si Ignacio Moraca Arevalo ng lokal na pulis at 29th IB sa Barangay Mat-i, Surigao City noong Nobyembre 25. Si Arevalo ay lider ng Nagkahiusang Gagmayng Minero.

Pinatay din ng PNP-Sison si Josefino "Lalo" Calang, isang negosyante, bandang alas-12 ng gabi ng Nobyembre 26. Inakusahan siyang kasapi ng milisyang bayan ng BHB.

**Pambobomba.** Makailang-ulit na inistraping at tatlong beses na kinanyon ng AFP Northern Luzon Command ang Barangay Lawak Langka, Mangatarem, Pangasinan noong Nobyembre 24. Ilang araw na naparalisa ang kabuhayan ng mga residente dahil dito.

Naghulog din ng pitong bomba at nag-istraping ang 29th IB sa mga komunidad sa Santiago, Agusan del Norte noong Nobyembre 25. AB

## Walang matinong plano para sa pagbabakuna

BUKAMBIBIG NI RODRIGO Duterte ang paghihintay sa bakuna bilang estratehiya para makahulagpos sa pandemyang Covid-19. Panay ang hambog nito ng planong babakunahan ang 75% hanggang 80% populasyon sa Pilipinas. Gayunpaman, wala itong matinong plano ng pagbili, pag-iimbak at distribusyon para rito. Wala pa rin daw pondo ang gubyerno at inaasa nito sa pribadong sektor ang pagbili ng kinakailangang dosis.

Simula Nobyembre, sunud-sunod ang anunsyo ng "czar" sa bakuna na si Gen. Carlito Galvez sa planong pagbili ng Pilipinas ng mga bakuna mula sa malalaking kumpanya ng parmasyutika. Panay ang pangako niyang makararating na sa Pilipinas ang bakuna sa una o di kaya'y pangalawang kwarto ng 2021.

Hungkag ang mga pangakong ito dahil una, hindi pa tapos ang *testing* ng kalakhan ng mga bakuna, at pangalawa, limitado ang bilang ng bakunang inilaan ng malalaking kumpanya sa maliliit na bansang tulad ng Pilipinas. Ang pinirmahan pa lamang ni Duterte sa ngayon ay pagpahintulot sa paggamit ng naturang mga bakuna sa mga sitwasyong gipit (*emergency-use*) simula Enero 2021.


Kabilang sa mga ipinagmamalaki ng rehimen ang balak nitong bumili ng 50 milyong dosis ng bakuna mula sa Sinovac (China) at 2.6 milyong dosis mula sa AstraZeneca (UK). Humihingi pa lamang ng permiso ang dalawang kumpanya na magsagawa ng *testing* sa bansa. AB

## SA MADALING SALITA

# 11 TAON

mula nang maganap ang **masaker ng 58 mamamahayag sa Maguindanao**

noong **Nobyembre 23, 2009** ngunit wala pa ring hustisya ang kanilang pagkamatay. **Walo lamang** sa **48 kinasuhan** ang **hinatulan ng korte**.



# $18 M

**halaga ng mga armas at bomba na ibinigay ng US sa AFP**

noong Nobyembre. Kinabibilangan ito ng **100 TOW-2A misayl**, **12 Improved Target Acquisition System** at **24 MK-82 na bomba**.

# ₱33 B


"nakatagong" pondo

sa **Philippine International Trading Corporation** at **pinatutubuan** ng interes para **kurakutin** ng **mga upisyal at heneral ng AFP**.

# ₱66 B

**sobrang siningil** ng **Meralco** sa mga **konsyumer nito**

mula pa **2011** dulot ng **sobrang pagdedeklara** ng **biniling elektrisidad** mula sa **sarili nitong mga planta** ng enerhiya.



# Engels 200

Ipinagdiwang ang ika-200 kaarawan ni **Friedrich Engels** noong **Nobyembre 28**

katuwang ni Karl Marx sa pananaliksik at pagsusulat ng pinakamahahalagang aralin ng kilusang komunista.

# ₱88 BILYON

PNP *bonus* at *cashgift*



VS.



# ₱0

*Hazard* at *special pay* ng mga duktor at nars

# -54%

**ang pagbagsak ng *consumer confidence***

o dami ng mga Pilipino na nagsabing hindi sila gagasta sa susunod na mga buwan dulot ng kawalang-katiyakan sa sahod, kita at trahaho.

# 20%

ng mga manggagawang nawalan ng trabaho sa pandemya

ang hindi na makapapasok sa ibang trabaho, ayon sa World Bank. Isa sa bawat apat na Pilipino (o 25%) ang nagsabing wala pa rin silang trabaho noong Agosto.

# Pag-alpas ng Cuba sa pandemya


*Una sa dalawang-seryeng artikulo kaugnay ng natatanging tugon ng estado at mamamayan ng Cuba sa pandemyang Covid-19.*

Susi sa tagumpay ng Cuba sa pagharap ng pandemyang Covid-19 ang pambansang sistemang pangkalusugan nito na walang bayad, para sa lahat, abot ang 100% ng populasyon, nakabatay sa primaryang pag-aalaga sa kalusugan at pinatatakbo ng de kalidad na mga duktor at nars pangkomunidad. Isa ang Cuba sa mga bansang maagang nakaalpas sa pandemya.

Maagang nabuo at napalamnan ang pambansang plano ng Cuba laban sa Covid-19. Enero pa lamang, mayroon nang pambansang estratehiya ang bansa na nakadisenyo para sa lahat ng ahensya ng gubyerno at mga organisasyong panlipunan at pangkomunidad. Binuo nito ang Temporal National Group na pinamunuan ng presidente ng bansa na si Miguel Diaz-Canel Bermudez. Araw-araw nitong tinasa ang pambansang sitwasyon at naglabas ng malilinaw na direktiba. Sa mga teritoryo, binuhay ang mga konseho sa depensa para ipatupad ang plano ayon sa espesipikong katangian ng mga lokalidad. Itinayo ang Technical National Group, na pinamumunuan ng kalihim ng Ministry of Public Health, para sa araw-araw na implementasyon ng mga programa nito.

Pag-iwas sa pagkahawa ng bayrus at pangangalaga sa mga nahawa sa antas komunidad ang naging pangkalahatang tugon ng bansa. Nasa unahan nito ang programang *family doctor* (mga duktor na espesyalisado sa pagsubaybay ng kalusugan ng mga indibidwal mula pagkapanganak hanggang katandaan) na nakabase sa mga lokalidad. Tinitiyak sa antas na ito ang mga hakbang para makaiwas sa bayrus, mapangalagaan ang mga nahawa at maipatupad ang tuluy-tuloy na sarbeylans ng mga sakit. Ang lokalisadong sistemang ito ay mabilis na nakaaangkop sa mga sitwasyong mayroong biglaang pagtaas ng bilang ng mga nahawa. May kakayahan itong magbigay ng pangangalagang espesyalisado o antas-ospital kung kinakailangan dahil sa masaklaw na latag ng mga klinik at ospital at sa mataas na kasanayan ng mga duktor at nars.

Mayroong siyam na duktor para sa bawat isang libong residente sa Cuba. Isa ito sa pinakamataas na tantos ng bilang ng duktor sa bilang ng pasyente sa buong mundo (kasunod sa Qatar at Monaco). Mayroong 485,000 manggagawang pangkalusugan ang bansa sa pangkalahatan. (Ang Pilipinas, sa kabilang banda, ay may isang duktor lamang para sa 33,000 indibidwal).



Tiniyak ng Cuba na makokontrol ang pagkalat ng bayrus sa pamamagitan ng aktibong paghahanap ng mga nahawa, pagpunta sa bawat bahay ng 100% ng populasyon, at pagbibigay ng espesyal na atensyon sa mga bulnerableng grupo. Isinagawa ang masinsing pagsubaybay ng 10,000 klinik sa antas-komunidad, 449 klinik sa antas-munisipalidad, 150 ospital at 12 institusyon sa pananaliksik. Kinatuwang ng estado ang 28,000 estudyante ng mga unibersidad, laluna ang mga estudyante ng mga syensyang medikal, para sa pagbabahay-bahay. Sa pamamagitan nito, maagang natukoy ang mga lugar na may impeksyon, at naihiwalay ang posibleng nahawa na mga residente, kasama ang kanilang nakasalamuhang mga indibidwal.

Hindi nakaligtas ang Cuba sa pagpapatupad ng mga pangangailangang paghihigpit. Isa rito ang pansamantalang pagsasara ng bansa sa mga turista mula Abril 2 at pagmandato ng pagsusuot ng *facemask* at *social distancing*. Agosto na nang muling buksan ng Cuba ang mga paliparan at daungan nito.

Pinalawak ng Cuba ang kakayahan nito sa *testing* sa tantos na isa sa bawat limang Cuban. Libreng kinanlong ng estado ang 115,000 indibidwal na pinagsususpetsahan pa lamang na nahawa at kanilang mga nakasalamuha sa mga itinayong *isolation facility*. Limang porsyento lamang sa mga ito ang tuluyang nahawa ng bayrus. Napakalaki ng ginastos mula sa pambansang pondo pero hindi ito ininda ng estado. Ayon pa sa presidente ng bansa, isang "hindi matatawarang prinsipyo" ng estado ang pagturing sa bawat buhay ng mamamayan nito bilang "pangunahing yaman" ng bansa.

Pinalakas ng Cuba ang mga ospital. Pinasok dito ang lahat ng mga nagpositibo at tiniyak ang iba pang kailangang gamit tulad ng mga *ven-*

*tilator*. Naglaan ang bansa ng 20 ospital, 5,000 kama at 447 kama para sa *intensive care* sa mga nahawa ng bayrus.

Binuo ang grupo ng mga eksperto at syentista para magsagawa ng syentipikong pag-aaral sa mga prosesong klinikal at magpaunlad ng mga protokol at pananaliksik ng mga produkto at gamot. Abante ang industriya sa parmasyutika at *biotechnology* ng bansa at may kakayahan ito sa pananaliksik at pagmamanupaktura. Ang lahat ng kanilang pananaliksik, *testing* at imbestigasyon ay bukas nilang ibinabahagi sa mundo at mababasa ng ninuman sa mga publikasyong medikal. Kabaligtaran nito ang pag-uunahan, paglilihiman at pagnanakawan ng impormasyon ng mga imperyalistang bansa at monopolyong kumpanya sa parmasyutika.

Noong Oktubre, tuluyan nang ibinukas ang mga paliparan at kalakhan ng mga lugar sa Cuba sa mga turista at sinumang gustong bumisita. (Una na itong binuksan noong Agosto pero pansamantalang isinara ang mayor na paliparan, kasabay ang Havana na kabisera ng bansa, nang tumaas ang bilang ng impeksyon sa pangalawang pagkakataon.) Noon pang Setyembre 1 nagbukas ang mga paaralan sa lahat ng antas para ipagpatuloy ang natigil na pag-aaral ng mga estudyante. Liban sa Havana, matagal nang bumalik sa ordinaryong pamumuhay ang mamamayan.

Noong Disyembre 2, nakalista bilang ika-126 sa 185 bansang pinakaapektado ng pandemya ang Cuba. Mahigit 8,000 ang naitala nitong nahawa sa bayrus, kung saan 7,600 na ang gumaling at 136 ang namatay. Halos 600 ang aktibong kaso, pero apat lamang ang kritikal. Mahigit isang milyong *test* ang isinagawa nito sa populasyon. AB

# 250 milyon, nagprotesta sa India kontra neoliberalismo

INILUNSAD SA IBA'T ibang estado ng India noong Nobyembre 26 ang pinakamalaking naitalang pambansang welga sa kasaysayan ng mundo. Sa kabila ng mga restriksyon ng *lockdown*, nagwelga ang mahigit 250 milyong mamamayan sa pangunguna ng 10 unyon sa paggawa at mga organisasyong magsasaka para batikusin ang mga neoliberal na repormang ipinatupad ni Prime Minister Narendra Modi kasapakat ang imperyalismong US sa gitna ng pandemya. Hinarang ng mga welgista ang mga riles ng tren at ang pangunahing ruta sa transportasyon ng mga estado ng bansa, at itinigil ang produksyon sa mga pagawaan. Itinaon ang protesta sa paggunita sa Araw ng Konstitusyon ng India.

Kabilang sa mga nagprotesta ang mahigit 12 milyong magsasaka mula sa mga estado sa hilagang bahagi ng India na nagmartsa tungong Delhi. Dala ng mga magsasaka ang mahigit sa 96,000 traktora na kanilang ginagamit sa pagsasaka. Kasama sa nagmartsa ang 10,000 kababaihan na mula pa lamang sa distrito ng Punjab.

Pangunahing mga panawagan ng mga welgista ang pagbabasura sa mga batas na nagtanggal sa pagtatakda ng pambansang presyo ng mga produktong agrikultural, at pribatisasyon ng mga empresang pagmamay-ari ng estado. Panawagan din nila ang pagpapatupad ng mga programa para itaguyod ang kapakanan ng mga manggagawa sa kanayunan at pagpapalawak ng ayuda para sa mga mamamayang apektado ng pandemyang Covid-19. Pinirmahan ng malawak na nagkakaisang prente ang pitong pinakabatayang kahilingan.

Kasalukuyang hinahambalos ng matinding resesyon ang India dulot ng pandemya. Ayon sa pinakahuling ulat, bumagsak ang *gross domestic product* (GDP) nito nang 24%, habang nasa 27% naman ang tantos sa disempleyo sa bansa. AB

## Protesta sa Guatemala kontra neoliberalismo

LIBU-LIBONG MAMAMAYAN ang nagprotesta sa Guatemala City, Guatemala noong Nobyembre 21 kasunod ng pagpapasa ng Kongreso sa pambansang badyet. Para ipamalas ang kanilang galit sa malalaking kaltas sa badyet sa kalusugan at edukasyon, sinunog ng mga raliyista ang bahagi ng gusali ng Kongreso. Nagdala rin sila ng gilotina bilang simbolo ng kanilang pagtutol. Libu-libo rin ang nagprotesta sa iba pang mga sentrong syudad at bayan para ipanawagan ang pagbabasura sa badyet at pagbibitiw sa pwesto ng tiwaling mga upisyal ng gubyerno.

Binatikos nila ang pagpapaprayoritisa ni Pres. Alejandro Giammattei sa paglalatag ng malalaking proyektong imprastruktura imbes na iuna ang mga panlipunan at pangkabuhayang serbisyo sa mga mamamayan sa gitna ng pandemyang Covid-19. Binayo rin nitong nagdaang mga buwan ang bansa ng dalawang malalakas na bagyo.

## Protesta sa France laban sa pasismo

Mahigit 50,000 ang nagtipon sa iba't ibang sentrong lunsod ng France noong Nobyembre 28 para tuligsain ang mga mapanupil na *security bill* na iniratsada ni Pres. Emmanuel Macron. Ipagbabawal sa naturang panukala ang paglitrato o pagbidyo sa mga pulis at paiigtingin nito ang mga mekanismo sa paniniktik ng estado sa mamamayan. Isang linggo bago nito, mahigit 500,000 ang nagprotesta matapos kumalat ang bidyo ng pambubugbog ng tatlong pulis sa Itim na musikerong si Michel Zecler sa Paris. Nagpapatuloy ang mga protesta hanggang sa kasalukuyan kahit pa nagpahayag na ang rehimeng Macron na babawiin nito ang naturang panukala.